

BEATITUDO AT IBA PANG TULA

Jovito Cariño

DESCRIPTION

This is a series of poems that attempt to personalize selected ideas from various philosophers. The aim of this project is to highlight the intimate relationship between poetry and philosophy.

Beatitudo

(Halaw kay Santo Tomas de Aquino)

At doon, gaya ng nakasulat,
malinaw nang matutunghayan
ang gandang dati'y naaaninag lámang.
Hindî na mulîng mag-aapuhap sa dilim
o manghihiram ng salitâng maaaring sabihin.
Gigising ako at mamumulat
sa salubong ng liwayway.
Walâng sílaw o hila na sasaling sa mga mata
sa pagdanas sa tagpô ng unang pagkakita.

At sa wakas, mababatid kong lubos
kung bakit ang isip ay likás na kapos,
na kahit diwâ ma'y magmistulang dagat
hindî malululan tilamsik man ng iyong patak.
Ikaw nga ang tangì naming
sinilangang hantungan
at lahat sa ami'y sa iyo mananahan.
Ang daan pauwî ay lantad na kubli
tulad ng ganda mong mabibigkas
ngunit hindî masasabi.

Ang Karukhâan ng Masamá

(Halaw kay Hannah Arendt)

Natukso akong ihambing ito
sa húkay ng balon na walâng laman:
madilim, malalim, walâng pakinabang.
Ngunit malíng isipin na ang masamá
ay tila lámang isang balon
kahit sabihin pang hindî na ito nasasalukan.
May dahilan kahit paano
ang balon na walâng tubig.
Maaaring tagtuyot o naubos sa pag-igib;
maaaring pansamantala lámang
hanggang ang ulan o ang bukal ay bumalik.
Hindî ganito ang masamá.
Walâ itong saysay at hindî kailangan;
walâ rin itong masasabing kalakip na dahilan.
Hindî maihahayag ang masamá
sapagkat walâ itong lalim.
Walâ itong pagkukunan ng kabulohan
na posibleng ipadama o maaaring sambitin.
Ang balon ay may lalim na káyang maabot
ng sinomang lulusong at dadakò sa loob.
Walâng ganitong lalim ang masamá.
Hindî ito makakapâ, hindî rin maaarok
kahit pa ng mismong sa kanya ay lumikhâ.
Lumalalâ o lumulubhâ lámang ang masamá
ngunit walâ itong paliwanag.
Walâ itong paliwanag dahil walâng kahulogan.
At dahil walâng anoman, sadyang hindî mauunawaan.
Walâ itong loob, walâ ring labas;
Tadhanà ng masamá ang sariling karukhâan.

Sa Isang Tuyot na Punò

(*Halaw kay Theodor Adorno*)

Ang nakikita mo'y hindi hantungan
ng isang punong tinuyot ng init,
mga sangang inihaw ng lagablab ng araw
at ngayo'y kalansay na ng tanim na pumanaw.
Ang minamasdan mo'y hindi mga labi
ng isang mayabong na dáting luntî,
inulilà ng mga namaalam na dahon
nang madarang sa silab ng nagbabágang panahon.
Ang tinutunghayan mo'y isang larawan
na nakatitig mismo sa iyo,
nagpapahiwatig
ng isang pangitain kahit di mo hangad tingnan.
Inakalà mo marahil na ang pinsalà ay hangganan
gayong sa tuwina, ang pinsalà ay simulâ lámang.